

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Sa Ibabaw ng Karamihan

Mateo 26:31-75

Ang Kasaysayan...

Iniibig ni Pedro si Jesus; at ang pagsangayon ng karamiham. Noong huling hapunan, nang nagbabala si Jesus sa mga alagad na silang lahat ay iiwan Siya, ay biglang tumayo si Pedro at agad na sumumpang kahit ang lahat ay magdamdam, kailanman ay hindi niya iiwan Siya. Sumagot si Jesus, “sa gabing ito, bago tumilaok ang manok ay tatlong ulit mo Akong ikakaila.” Talatang 34.

Mabuti ang layunin ni Pedro, subalit hindi niya alam ang pagmamataas sa kanyang sariling puso. Nang gabing yaon nang dumating ang karamiham upang dakipin si Jesus at ang lahat ay



nakamasid, hinugot ni Pedro ang isang tabak upang ipagsanggalang ang kanyang Panginoon. Subalit pagkalipas lamang ng ilang oras, sa Kanyang paglilitis, habang si Pedro ay tinutuya ng mga kaaway ni Jesus ay tatlong ulit niyang ikinaila na kilala niya ang Panginoon. Sa bawat pagkakataon ay higit siyang matapang, hanggang sa ipagkaila Siya sa pamamagitan ng panunungyaw at panunumpa. (Talatang 74)

At tumilaok ang manok. Kasalukuyang nililits at binubugbog ng mga bantay si Jesus. Nakita ni Pedro na may pag-ibig at awa na lumingon at tumingin sa kanya si Jesus, at nabagbag ang kanyang puso. “At naalaala ni Pedro ang salita ng Panginoon, kung paanong sinabi Niya sa kanya, bago tumilaok ang manok ay ikakaila mo akong maikatlo. At siya’y lumabas at nanangis ng kapait-paitan.” Lucas 22:61, 62.

Mula noon si Pedro ay naging isang bagong tao. Hindi na siya nabubuhay upang bigyang kasiyahan ang karamihan, kundi nagpasiyang ang Dos lamang ang

24

bibigyan niya ng kasiyahan. Pagkatapos na siya’y magbagong-loob, nang siya ay dalhin sa harap ng konsilyo ng mga Hudyo at pinagbantaang bubugbugin kapag nagpatuloy ng pangangaral tungkol kay Jesus ay walang takot na sumagot si Pedro. “Dapat muna kaming magsitalima sa Dios bago sa mga tao.” Gawa 5:29. Pinatunayan ni Pedro ang kanyang walang hanggang katapatan at pag-ibig kay Jesus nang pillin niyang siya’y ipako sa krus nang patiwarik ng Romanong Emperador na si Nero kaysa muling ikaila ang kanyang Panginoon.

Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Paanong nagpapasiya ang Dios kung tayo ay nasa Kanyang panig o wala?

Mat. 7:21. *Hindi ang bawat nagsasabi sa Akin, Panginoon, Panginoon ay _____ sa kaharian ng langit, kundi ang _____ ng kalooban ng aking Ama na nasa langit.*

Roma 6:16 *Hindi бага ninyo nalalaman na kung kanino ninyo _____ ang inyong mga sarili na pinakaalipin upang tumalima na kayo'y _____ maging ng kasalanan sa ikamamatay, maging sa pagtalima sa ikapagiging matuwid.*

PALIWANAG: Ito ay isang simpleng prinsipyo na ang ating katapatan ay masusukat kung kanino tayo makikinig. Kung sasabihin natin tayo'y utusan ng Dios ngunit nakikinig sa bilin ng demonyo o ng mundo, nilililang natin ang ating mga sarili.

2. Kung magkasalungat ang mga utos ng Dios at ng tao, sino ang sinasabi ni Pedro na dapat nating sundin?

Gawa 5:29 *Datapuwaat nagsisagot si Pedro at ang mga Apostol na nangagsabi, Dapat muna kaming magsitalima _____ bago sa mga tao.*

PALIWANAG: Pagkatapos mahikayat si Pedro at umibig kay Jesus, sinabi niya sa konsilyo ng mga Hudyo na ang una niyang katapatan ay sa Dios. Nalalaman natin na sa mga huling araw, ang kautusan ng hayop ay asalungat sa utos ng Dios. Kailangang piliin natin ngayon na sundin ang utos ng Dios—anuman ang mangyari.



3. Paano natin maipakikita na pinakamabuti ang ating pag-ibig sa Dios?

Juan 8:31 *Kung kayo'y magsisipanatili _____, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad ko.*

Juan 14:15 *Kung ako'y inyong iniibig ay _____ ang aking mga utos.*

1 Juan 2:4 *Ang nagsasabing, nakikilala ko siya at hindi tumutupad ng kanyang mga _____ ay sinungaling at ang katotohanan ay wala sa kanya.*

PALIWANAG: Ang pinakamabuting pagpapakita ng pag-ibig ng isang tao kay Jesus ay gawin ang Kanyang kalooban at ang kautusan ng Dios ang pinakaganap na kapahayagan ng Kanyang kalooban. (Awit 40:8)

4. Ayon kay Jesus, bakit kilos relihiyoso ang mga mapagpaimbabaw?

Mat 6:2 *Upang sila'y _____ sa mga tao.*

Mat 6:5 *Upang sila'y _____ ng mga tao.*

PALIWANAG: Sinasabi sa atin ng Biblia na ang tao ay tumitingin sa mukha, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso." 1 Sam. 16:7 Ang isang tunay na Kristiyano ay higit na nababahala kung ano ang iniisip ng Dios sa Kanya, kaysa kung ano ang iniisip ng sanlibutan.



5. Pangkalahatan bang ligtas na sundin ang nakararami?

Ex. 23:2 _____ kang _____ sa karamiham na gumawa ng masama.

Mat. 7:13,14 Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan, sapagkat maluwa ang pintuan at malapad ang daang patungo sa _____ at _____ ang doo'y nagsisipasok. Sapagka't makipot ang pintuan at makitid ang daang patungo sa buhay at kakaunti ang nangakasusumpung noon.

1Pedro 3:20 Noong mga araw ni Noe, samantalang inihabanda ang daong sa loob nito'y _____ samakatuwid ay walong kaluluwa ang _____ sa pamamagitan ng tubig.

PALIWANAG: Ang kasaysayan ay waring ipinakikitang ang karamihan ay halos laging gumagawa ng maling pasiya. Ang karamihan ang may gustong batuhin si Moises at bumalik sa pagka alipin sa Ehipto. (Bilang 14:4-10) Ang karamiham ang sumigaw ng "Ipako siya sa krus, ipako siya sa krus." Lucas 23:21. At ang karamiham—hindi ang kakaunti—ang tatanggap ng tanda ng hayop sa huling araw. (Apok. 13:16)

6. Ano ang nararamdaman ni Jesus kapag sinusunod natin ang mga tradisyon ng mga tao sa halip na mga kautusan ng Dios?

Mar. 7:7,9 Datapuwa't _____ ang pagsamba nila sa akin na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ng mga utos ng tao. At sinabi niya sa kanila, totooing itinatakwil ninyo ang mga utos ng Dios upang mangaganap ninyo _____ sabi.

7. Ang tunay na Kristiyanismo ba ay magiging popular sa huling araw?

Mat. 24:9 Kayo'y _____ ng _____ ng mga bansa dahil sa aking pangalan.

2 Tim. 3:12 Oo, at lahat na ibig mabuhay _____ kay Kristo Jesus ay _____ ng paguusig.

Apok. 12:17 At nagalit ang dragon sa babae at umalis upang _____ sa _____ ng kanyang binhi.

Apok. 13:15 At _____ naman ang lahat ng hindi sumasamba sa larawan ng hayop.

PALIWANAG: Sa huling araw, si Satanas at ang kanyang mga tagasunod ay makikipaglaban ng lubusan sa mga tunay at naniniwala sa Biblia na mga anak ng Dios.

8. Maaari bang kapwa paglingkurang ang Dios at ang karamiham?

Mat. 6:24 Sinoman ay hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon, sapagkat _____ niya ang isa at _____ ang ikalawa o kaya'y magtatapat sa isa at pawawalang halaga ang ikalawa.

Mat. 12:30 Ang hindi sumasa akin ay _____ sa akin.

PAGLIWANAG: Sa labanang ito ni Kristo at Satanas ay walang hindi papanigang teritoryo. Hindi maaring maging tagapagmasid lamang. Kung hindi tayo nakikiisa kay Jesus, ating tinitulungan ang diablo sa katotohanan.



9. Ligtas bang ibigin ang isang kaibigan o kaanib ng pamilya nang higit kay Jesus?

Mat. 10:37 *Ang umiibig sa ama o _____ ng higit kaysa sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng _____ sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin.*

Lucas 14:26 *Kung ang sinomang tao'y pumaparito sa akin at hindi napopoot. (hindi higit sa iniibig) sa kanyang sariling ama at ina at _____ at mga anak at mga kapatid na lalake at mga kapatid na babae, oo at pati ang kanyang sariling _____ ay hindi magiging alagad ko.*

Mat. 12:50 *Sapaka't sinomang gumaganap ng _____ ng aking Ama na nasa langit, ay siyang aking kapatid na babae at _____*

PALIWANAG: Itiniro dito ni Jesus na ang pinakamabuting paraan upang maabot at mailigtas ang ating mga mahal sa buhay ay unahin Siya sa ating buhay. Laging isang malubhang pagkakamali na unahin ang ating likas na pagmamahal sa pamilya at mga kaibigan kaysa ating tungkulin sa ating Tagapagligtas at Lumikha.

10. Nararapat bang unahin ang isang maunlad na propesyon o kayamanan sa lupa kaysa kay Jesus?

Mat. 16:26 *Sapagka't ano ang pakikinaabangan ng tao kung makamitan niya ang buong _____ at mawawalan siya ng kanyang buhay? O ano ang ibibigay ng tao na katumbas ng kanyang _____?*

Lucas 12:15 *Sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng _____ na tinatangkilik niya.*

PALIWANAG: Ang paniniwalang ang kaligayahan at kapanatagan ay mula sa isang mabuting hanapbuhay at magandang bagay ay isang panlilinlang na nakamamatay. Kataliwas nito, sinabi ni Jesus, "Magaan pa sa isang kamelyo ang dumaan sa butas ng karayom kaysa isang mayaman ang pumasok sa kaharian ng Dios." Mar. 10:25.

11. Ligtas bang ipagpatuloy ang pagsuway sa kalooban ng Dios pagkatapos niyang ipakita sa atin ang katotohanan?

Oseas 4:6 *Ang aking bayan ay _____ dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagkat ikaw ay _____ ng kaalaman, akin namang itatakwil ka, yamang iyong nilimot ang _____ ng iyong Dios, akin namang kalilimutan ang iyong mga anak.*

Heb. 10:26 *Sapagkat ating sinasadya ang pagkakasala _____ na ating matanggap ang _____ sa katotohanan ay walang haing natitira pa tungkol sa kasalanan.*

12. Ano ang mangyayari sa patuloy na tinatanggi ang katotohanan?

2 Thes. 2:10-12 *At may buong daya ang kalikuan sa _____ sapagkat' hindi nila tinanggap ang _____ sa _____ upang sila'y mangaligtas. At dahil dito'y ipadadala sa kanila ng Dios ang paggawa ng kamalian upang _____ sila sa kasinungalingan. Upang mangahatulan silang lahat na hindi nagsisampalataya sa katotohanan, kundi nangalugod sa kalikuan.*





Juan 3:19 *At ito ang kahatulan na naparito ang ilaw sa sanlibutan at _____ pa ng mga tao ang kadiliman kaysa ilaw, sapagkat _____ ang kanilang mga gawa.*

PALIWANAG: Itinuturo ng kasulatan na si Jesus ang katotohanan (Juan 14:6). Ang tanggapin o tanggihan ang katotohan sa anumang antas ay pagtanggap o pagtanggap kay Jesus.

13. Ang mga uusig ba sa bayan ng Dios sa huling araw ay naninniwalang tama ang kanilang ginagawa?

Juan 16:2 *Oo, dumarating ang oras na sinomang pumatay sa inyo ay _____ naghahandog siya ng _____ sa Dios.*

14. Paano inilarawan ni Pedro ang mga nakakilala ng katotohanan subali't tumatangging sundin ito?

2 Pedro 2:21,22 *Sapagka't magaling pa sa kanila ang _____ nakakilala ng daan ng katuwiran, kaysa pagkatapos na makakilala ay _____ sa banal na utos na ibinigay sa kanila. Nangyari sa kanila ang ayon sa kawikaang tunay, nagbalik na muli ang aso sa kanyang sariling suka at sa _____ sa pusali ang babaing baboy na nahugasan.*

15. Ang pagsunod ba kay Jesus ay kaugnay ng ating pagpupunyagi at pagtanggap sa sarili?

Lucas 9:23 *Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin ay _____ sa kanyang sarili at pasanin araw-araw ang kanyang krus at sumunod sa akin.*

16. Ligas bang ipagpaliban o antalahin ang isang pasyang sundan si Jesus?

Heb. 4:7 *Ngayon kung _____ ninyo ang kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso.*

Heb.2:3 *Paano tayong makatatanan kung ating _____ ang ganitong dakilang kaligtasan?*

2 Cor. 6:2 *Narito _____ ang panahong ukol, narito ngayon ang _____ ng kaligtasan.*



PALIWANAG: Ang pinakamabuting panahon na makinig sa tinig ng Dios ay kapag iyong naririnig ito at ang pinakamabuting panahon na gawin ang kalooban ng Dios ay kapag ipinakikita Niya sa iyo ang kanyang kalooban. Ang paboritong patibong ni Satanas ay ang dayain ang mga tao na isiping marami pa silang panahon upang magpasya. Alam ng diablo na ang humahatol na tinig ng Espiritu ng Diyos ay tatahimik kapag ipinagwalang bahala ito. Hindi mabilang na milyon ang mawawaglit na tapat na nagpapanukalang sundin si Jesus balang araw sa hinaharap, subalit ang “balang araw” kailanman ay hindi dumating.

17. Anong pakinabang ang darating bunga ng pagtanggap at pagsunod sa katotohanan?

Awit 119:165 *Dakilang _____ ang tinatamo nila na nagsisiibig ng iyong kautusan; at sila'y walang kadahilanang ikatitisd.*

Juan 8:32 *At iyong makikilala ang katotohanan at ang katotohana'y _____ sa inyo.*



1 Pedro 1:22 Yamang _____ ang mga kaluluwa sa inyong pagtalima sa katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu.

PALIWANAG: Napakalaking kapayapaan, kapanatagan at kalayaan ang dumarating sa mga puso at buhay ng tumanggap at sumusunod sa katotohanan.

18. Anong tanong ang itinanong ni Jesus Kay Pedro ng tatlong beses?

Juan 21:17 Sinabi Niya sa kanya sa ikatlo, Simon, anak ni Juan _____ mo ba ako?

PALIWANAG: Ito ang pinakamahalagang tanong ukol sa ganap at lubos na pagsuko sa kalooban ng Dios. Iniibig mo ba Siya?

Ang Iyong Tugon

Ang katotohanan kailanman ay hindi magiging kilala ng makasalanang sanlibutang ito at ang karamihan ay halos laging tatahakin ang madaling daan. Subali't ipinakita ni Jesus ang Kanyang hindi kapaniniwalang pag-ibig sa iyo sa pagbibigay ng Kanyang buhay upang bayaran ang halaga ng lahat mong kasalanan. May dakilang panukala ang Panginoon sa iyong buhay. Ito ang dahilan kung bakit inihayag Niya ang kanyang katotohanan sa iyo. Hindi mo ba gagantihan ang pag-ibig na iyon sa pagbibigay sa Kanya ng buo mong puso, sa pagpiling tanggapin Siya bilang iyong Panginoon at sa pagsunod saan ka man Niya akayin?

TUGON: _____

Ipagpatuloy Mo ang Iyong Paglago at Pagunland sa Espiritu

Pinagpala ka ba ng seryeng ito ng pagaaral ng Biblia? Ang mga araling ito ay isa lamang sa maraming pagaaral ng Biblia na makukuha mo mula sa Amazing Facts (Mga Kamanghamanghang Katotohanan). Para sa dagdag pang impormasyon ukol sa iba pang Patnubay sa Pagaaral ng propesiya (prophecy) o para sa walang bayad na katalogo ng mga aklat, tapes, and videos, makipagalam sa:

